# PROP 218 ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

The City of SAN DIEGO

## Panukalang Pagtaas ng Mga Rate ng Tubig at Maduming Tubig

Pinapanukala ng Lungsod ng San Diego ang mga pagbabagong makakaapekto sa singil sa inyo para sa tubig at maduming tubig.

TUBIG: Binibili ng Lungsod ang karamihan ng tubig nito mula sa San Diego County Water Authority (SDCWA). Ang mga rate ng tubig ay pinapanukalang tumaas ng hanggang 3% simula ng Enero 2022 sa rate ay tumataas mula SDCWA, na ipinapasa sa mga kostumer ng tubig ng Lungsod. Higit pang impormasyon tungkol sa SDCWA ay available sa sdcwa.org.

MADUMING TUBIG: Tulad ng panukala, ang mga rate ng maduming tubig ay tataas ng 5% simula sa Enero 2022, hanggang 4% sa 2023 at 2024 at hanggang 3% sa 2025. Ang mga pangangailangan sa operasyon at proyekto ay sinusuri nang taunan, at ang pagtaas sa mga taon sa hinaharap ay maaaring mas mababa kaysa sa mga numerong ito. Sa kasaysayan, nagpatupad ang Lungsod ng mas mababa kaysa sa panukalang pagtaas dahil ang mga pangangailangan sa operasyon ay hindi umaabot sa mga pinapalagay sa gastos sa pag-aaral sa gastos sa serbisyo dahil sa mga pagbabago sa proseso at/o mga pagiging episyente.

Magsasagawa ang Public Utilities Department ng serye ng mga pampublikong forum sa buong lungsod kung saan matututo pa ang mga residente ng mas marami pang impormasyon at makapagtanong bago ang pampublikong pagdinig sa Set. 21. Ang schedule ng mga forum ay nasa website ng Lungsod sa sandiego.gov/rate-increases at ia-update kung may mga oportunidad na idaragdag o babaguhin.



## Impormasyon sa Pampublikong Pagdinig

Isasagawa ang pampublikong pagdinig sa mga panukalang maximum na pagtaas ng mga singil na ipapasa sa tubig para sa taon ng kalendaryong 2022, at mga rate ng maduming tubig sa mga taon ng kalendaryong 2022 hanggang 2025.

**Isasagawa ang pampublikong pagdinig sa Set. 21, 2021, ng 2 p.m.**

Pakitingnan ang likurang pahina ng brochure na ito para sa impormasyon kung paano ka makakalahok.

Didinigin ng Konseho ng Lungsod at isasaalang-alang ang oral na testimonya at mga nakasulat na materyales na isinumite patungkol sa mga panukalang pagtaas ng rate sa pagdinig. Ang Konseho ng Lungsod ay magkakaroon ng awtoridad para gumawa ng pagsasaayos sa mga panukalang pagtaas ng rate bilang tugon sa oral na testimonya at mga nakasulat na materyales na isinumite para maisaalang-alang. Tanging ang pormal na nakasulat na protesta ay isasaalang-alang sa ilalim ng Proposisyon 218 ng Lungsod na protestang naglilista ng mga pamamaraan at dapat matanggap bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig nang personal sa pampublikong pagdinig o sa pamamagitan ng koreo sa City Clerk, 202 C St., MS 2A, San Diego, CA 92101.

***May karapatan kang iprotesta ang mga panukalang pagtaas ng rate.***

Ang nakasulat na protesta ay dapat maglaman ng pahayag ng pagtanggi sa pagtaas ng rate, ang numero ng parcel ng assessor ng pag-aari o address ng pag-aari at pangalan at lagda ng may-ari ng pag-aari o kostumer ng utility na nakatalang nagrereshistro ng protesta. May magagamit na form sa likurang pahina ng dokumentong ito. Tanging isang protesta ang bibilangin para sa bawat parcel o address. Ang elektronikong protesta (email, mga social media na mensahe, atbp.) ay hindi kuwalipikado bilang nakasulat na protesta sa ilalim ng mga inaatas ng estado.

Ayon sa batas ng estado, ang pampublikong pagdinig ay ipalalabas sa telebisyon sa City TV at simulcast sa website ng Lungsod sa sandiego.gov/citytv. Higit pang impormasyon tungkol sa access sa pagpupulong ng Konseho at pampublikong komento ay makukuha online sa sandiego.gov/city-clerk/officialdocs/council-agendas-minutes-results.

Sa pagtatapos ng pampublikong pagdinig, isasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod at maaaring aprubahan ang mga pagtaas ng rate. Ang mga oral na komento sa pampublikong pagdinig ay isasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod pero hindi magiging kuwalipikado bilang mga pormal na protesta maliban kung may kasamang nakasulat na protesta. Kung, sa pagtatapos ng pampublikong pagdinig, ang mga nakasulat na protesta laban sa pagtaas ng rate at mga ipapasang singil ay hindi piniprisinta ng mayorya ng mga may-ari ng pag-aari o mga umuupang responsable para sa pagbabayad ng mga singil sa utility, ang Konseho ng Lungsod ay pahihintulutang magpatupad ng resolusyon para mapataas ang mga singil na padadaanin, mga rate ng tubig at maduming tubig at bayad sa serbisyo sa basura ng lungsod. Kung pinatupad, ang mga pagtaas sa taon ng kalendaryong 2022 ay ipatutupad ng Ene. 1, 2022, at ang isang pampublikong impormasyong kampanya ay sisimulan upang masiguro ang kabatiran ng kostumer.

## Bakit Tumataas ang Rate ng Tubig at Maduming Tubig?

Ang Public Utilities Department ng Lungsod ng San Diego ay nakatuon sa pagbibigay ng maaasahang mga serbisyo sa tubig at maduming tubig sa paraang sulit sa gastos habang pinoprotektahan ang ating mga dulugang tubig at kalusugan ng publiko.

Ang Public Utilities Department ay hindi kikita at hindi suportado ng Pangkalahatang Pondo ng Lungsod. Ang istraktura ng rate ng Lungsod ay dapat tumugon sa at magtakda ng mga rate para masalamin ang mga buong pangangailangan ng pagbibigay ng mga serbisyong tubig at maduming tubig.

Nagsusumikap ang Mga Pampublikong Utility na panatiliing mababa ang mga gastos. Subalit, ang ilang mga gastos, tulad ng presyo ng pagbili ng tubig, ay lagpas sa kontrol ng departamento. Binibili ng Lungsod ang kasing dami ng 85% hanggang 90% ng lahat ng mga inuming tubig nito. Kapag dinagdagan ng mga supplier ang halaga ng tubig na ito, ang Lungsod ay dapat magbayad ng mas malaki.

Bilang karagdagan, dapat puhunanan ng Lungsod ang rutinang rehabilitasyon at pamalit ng nalulumang imprastraktura para masiguro na nagbibigay ang Mga Pampublikong Utility ng maaasahang serbisyo na sumusunod sa mga regulasyong lokal, estado at pederal. Nagbibigay ang Lungsod ng utang para pambayad ng mga pagpapabuting ito kaya ang gastos sa mga pagpapabuting ito ay binabayaran ng mga nagbabayad ng rate sa kapakipakinabang na buhay ng imprastraktura.

Noong nakaraang taon, nagsagawa ang Lungsod ng pag-aaral sa halaga ng serbisyo sa mga serbisyo sa maduming tubig (sewer) para masuri ang mga inaatas sa kita sa hinaharap. Tiningnan ng pag-aaral ang tinatayang gastos sa kapita, mga gastos sa utang, at ang kabuuang pinansiyal na katatagan ng maduming tubig na utility hanggang sa fiscal na taong 2025. Ang mga bayad sa kakayahan sa pag-develop ng maduming tubig ay inaral din para matasa ang epekto ng bagong development na kumokonekta sa sistema ng maduming tubig ng Lungsod. A ng mga rate ng maduming tubig ay hindi naayos ng mahigit sa 10 taon.

Nalaman ng pag-aaral na kung ang mga rate ng sewer ng Lungsod ay mananatiling hindi nagbabago, hindi sapat ang kita para magbigay ng kailangang serbisyo ng maduming tubig at naresiklong tubig sa pagitan ng mga fiscal na taong 2022 at 2025. Ang mga rate ng maduming tubig, na kasama ang niresiklong tubig, ay na-develop para ang mga singil ay naaayong nabawi sa mga pinalalagay na gastos para mapagsilbihan ang mga kostumer. Ang mga bayad sa kakayahan ng pag-develop ng maduming tubig ay in-update para matugunan ang gastos sa umiiral na kapasidad pati na ang halaga ng mga proyekto sa kapasidad sa hinaharap. Ang buong gastos sa pag-aaral sa serbisyo at karagdagang may petsang Hulyo 7, 2021, na ginamit para ihanda ang panukalang pag-aayos sa rate ng maduming tubig, ay makukuha sa sandiego.gov/rate-increases.








## Saan Napupunta ang Perang Kinokolekta ng Lungsod mula sa Bayad sa Tubig at Sewer?

Ang pagsiguro na ang mga taga-San Diego ay may malinis na tubig at ang mabisang serbisyo ng sewer ay mahal, bahagyang dahil sa mga regulasyon ng estado at pederal na dapat sundin ng Lungsod. Tinatayang $240 milyon ng Budget ng Fiscal na Taong 2021 ng Pampublikong Utility ay inaasahang mapunta patungo sa pagbili ng in-import na tubig at ang natitirang 58% ng budget ng departamento ay ipambabayad sa pagmementina, pagpapanatili at serbisyo ng utang para sa sistema ng tubig ng Lungsod.

Mahigit sa 70% ng budget sa pagpapatakbo ng utility na maduming tubig ay napupunta sa pagmementina, pagpapanatili at pagpapatakbo ng mga sistema ng maduming tubig ng Lungsod at 29% ay para sa serbisyong tubig.

Ipinapagpatuloy din ng Lungsod ang puhunan nito sa Pure Water Program, isang landmark na proyekto sa pagreresiklo ng tubig na pipigil sa pagtaas ng gastos sa paggamot ng maduming tubig at bawasan ang mga pagtatapon sa dagat. Kasinghalaga rin, malaki ang ibabawas nito sa pangangailangan na ang Lungsod ay bumili ng inimport na tubig. Ang proyektong Pure Water ay kumakatawan sa 40% ng kabuuang kapital sa programang maduming tubig sa panahon ng pagtaas ng rate.



## May Makukuhang Pinansiyal na Tulong

Ang mga residente ng San Diego na humaharap sa pinansiyal na kahirapan dahil sa pandemyang COVID-19 ay maaaring kuwalipikado sa pagpopondo sa pamamagitan ng Housing Stability Assistance Program para masaklawan ang gastos sa ula, mga utility at internet na serbisyo. Para mag-apply, pumunta sa covidassistance.sdhc.org.

Bilang karagdagan, naghahandog ang Lungsod ng programang Help to Others (H2O SD), isang opsiyon na tulong sa pagbabayad sa singil para sa mga kuwalipikaodng mababa- at fixed-ang kitang kostumer ng utility na tubig. Para sa mga detalye, pumunta sa website ng Lungsod sa sandiego.gov/h2o.

## Pinatatakto at minementina ng Public Utilities Department ang ilang pangunahing pasilidad para gamutin ang tubig at maduming tubig.




### Pag-aari at pinatatakbo ng Lungsod ang:

- 9 na reservoir
- 4 na pasilidad na panggamot ng maduming tubig (sewer)
- 3 plantang panggamot ng tubig
- 2 outfall sa dagat
- 131 pump na istasyon

Nagmementina din ang Lungsod ng mahigit sa 6,350 milyang tubig at main ng sewer.

**Ang produksiyon ng renewable na enerhiya ay ang susi.**

Ang mga photovoltaic solar power na sistema ay gumagawa ng 3.8 milyong kilowatt oras na taunang ginagawa.

Ang methane na nakolekts sa Point Loma Wastewater Treatment Plant ay nagfu-fuel ng dalawang patuloy na tumatakbong generator na ang bawat isa ay gumagawa ng hanggang 2,235 kilowatts ng kuryente.

Ang Point Loma plant ay gumagamit ng 100% nababagong kapangyarihan.

## Ang Pure Water ay Maglalaan ng Mapapanatiling Supply ng Tubig

Ang Pure Water San Diego ay ang phased, maramihang-taong programa ng Lungsod na magbibigay ng halos kalahati ng supply ng tubig ng San Diego nang lokal sa katapusan ng 2035. Ang Pure Water San Diego Program (Programa) ay gagamit din ng napatunayang teknolohiya sa puripikasyon ng tubig para linisin ang niresiklong tubig para gumawa ng ligtas, de-kalidad na inuming tubig. Naghahandog ang Tubig ng sulit sa halagang puhunan para sa mga pangangailangan sa tubig ng San Diego at maglalaan ng maaasahan, mapapanatiling supply ng tubig.

Sinimulan ng Lungsod ang Phase 1 ng Programa, na kasama ang ilang proyekto na maglilinis sa niresiklong tubig para gumawa ng 30 milyong galon bawat araw ng de-kalidad na purified na tubig, binabawasan ang pag-asa ng Lungsod sa in-import na tubig. Kasama sa mga proyekto ang pagpapabuti sa Morena Pump Station at Pipelines, ang North City Water Reclamation Plant Expansion, ang North City Pure Water Facility, ang North City Pure Water Pipeline, at ang Metro Biosolids Center.



Ang konstruksiyon ng mga proyekto sa Phase 1 ay mahalagang hakbang patungo sa pagkuha ng lokal, matibay sa tagtuyot na supply ng tubig para sa mga taga-San Diego sa mga paparating na henerasyon.

Higit pang impormasyon tungkol sa Pure Water Program ay makukuha sa purewatersd.org.



## Ang Paggamit ng Renewable na Enerhiya ay Nakakabawas sa Mga Gastos at Nakakatulong sa Lungsod na Maging Mas Independiyente sa Enerhiya

Ang Public Utilities Department ay naninindigan sa pagpapanatili at episyenteng paggamit ng mga dulugan nito sa napaka-dinamikong Renewable Energy and Efficiency Program. Gumagawa ang programa ng renewable na enerhiya para patakbuhin ang halos lahat ng malalaki nitong pasilidad at inaasahang mag-upgrade sa mga inobatibong produkto na episyente sa enerhiya. Nag-aambag ito sa pangangasiwa ng departamento sa kapaligiran, isinusulong ang Lungsod sa pagiging independiyente sa enerhiya, nakakatulong sa pagbabawas ng gastos sa pagpapatakbo at sa kalaunan ay nakakatulong na pinananatiling mas mababa ang mga rate para sa mga kostumer.

Ang ilang pasilidad ng Public Utilities ay hindi lang nakakagawa ng sapat na enerhiya para patakbuhin ang mga pasilidad mismo, pero naglalagay din ng sobrang enerhiya sa grid ng kuryente para gumawa ng perang kredito sa mga bil ng ibang napiling pasilidad.

Ang Public Utilities, kasama ng mga pribadong kasosyo, ay gumagamit ng ilang pagkukunan ng enerhiya para gumawa ng enerhiya, kasama ang digester gas, landfill gas, bio methane, solar at mga fuel cell.

Ang methane na gawa sa Point Loma Wastewater Treatment Plant ng Public Utilities at Metropolitan Biosolids Center ay ginamit para patakbuhin ang mga pasilidad.

Bilang karagdagan, ang mga photovoltaic solar power system ay konektado sa ilang pasilidad ng Public Utilities, kasama ang Alvarado at Otay na plantang panggamot ng tubig, Bayview Reservoir at Water Pump Station at mga carport sa Metropolitan Operations Center III. Ang mga solar panel na ito ay nagko-convert ng liwanag ng araw sa kuryente at tumutulong na maglaan ng mga pangangailangan sa enerhiya ng mga pasilidad.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa sandiego.gov/public-utilities/sustainability/renewable-energy.



# PANUKALANG

## Buwanang Rate ng Maduming Tubig

Para masiguro na ang mga kostumer ay sinisingil ayon sa mga legal na inaatas, karaniwang dumadaan ang Lungsod sa proseso ng gastos ng serbisyo, kung saan ang gastos para patakbuhin ang mga utility ay nilalaan batay sa proporsiyon ng epekto ng bawat klase ng kostumer sa sistema.

Nalaman ng pag-aaral sa halaga sa serbisyong ginawa noong 2020 na kung ang mga rate ng sewer ng Lungsod ay mananatiling hindi nagbabago, hindi sapat ang kita para magbigay ng kailangang serbisyo ng maduming tubig at naresiklong tubig sa pagitan ng mga fiscal na taong 2022 at 2025. Tulad ng panukala, ang mga rate ng maduming tubig ay tataas ng 5% simula sa Enero 2022, hanggang 4% sa 2023 at 2024 at hanggang 3% sa 2025.

### Buwanang Singil sa Batayang Bayad sa Maduming Tubig

| Klase ng Kostumer | Kasalukuyang Singil | 1/1/22 | 1/1/23 | 1/1/24 | 1/1/25 |
|---|---|---|---|---|---|
| Isang Pamilya Residensiyal | $15.33 | $14.14 | $14.71 | $15.29 | $15.75 |
| Maramihang Pamilyang Residensiyal | $15.33 | $14.14 | $14.71 | $15.29 | $15.75 |
| Komersiyal / Industriyal | $15.33 | $14.14 | $14.71 | $15.29 | $15.75 |

### Mga Singil sa Daloy at lakas ng Maduming Tubig

| Klase ng Kostumer | Yunit | Kasalukuyang Singil | 1/1/22 | 1/1/23 | 1/1/24 | 1/1/25 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Residensiyal** | | | | | | |
| Isang Pamilya Residensiyal | ($ / hcf) | $3.598 | $4.786 | $4.977 | $5.177 | $5.332 |
| Maramihang Pamilyang Residensiyal | ($ / hcf) | $5.028 | $4.786 | $4.977 | $5.177 | $5.332 |
| **Komersiyal / Industriyal** | | | | | | |
| Mga Singil sa Daloy | ($ / hcf) | $3.767 | $3.191 | $3.319 | $3.451 | $3.555 |
| Kemikal Oxygen Demand Mga Singil | ($ / lb) | $0.224 | $0.208 | $0.216 | $0.225 | $0.232 |
| Kabuuang Suspended Solids na Singil | ($ / lb) | $0.552 | $0.469 | $0.488 | $0.507 | $0.522 |
| **Nasa-truck na Basura** | | | | | | |
| Mga Singil sa Daloy | ($ / hcf) | $3.900 | $3.135 | $3.260 | $3.391 | $3.493 |
| Kemikal Oxygen Demand Mga Singil | ($ / lb) | $0.232 | $0.208 | $0.216 | $0.225 | $0.232 |
| Kabuuang Suspended Solids na Singil | ($ / lb) | $0.571 | $0.469 | $0.488 | $0.507 | $0.522 |
| **Transportasyon ng Tubig-ulan** | | | | | | |
| Daloy | ($/hcf) | $7.676 | $3.808 | $3.960 | $4.119 | $4.242 |

### Bayad sa Kapasidad ng Development ng Maduming Tubig

| Klase ng Kostumer | Kasalukuyang Singil | 1/1/22 |
|---|---|---|
| Bawat Equivalent Dwelling Unit (EDU) (1EDU = Kapasidad na kailangan para sa 280 galon ng sewage bawat araw) | $4,124 | $5,154 |

### Buwanang Batayang Bayad sa Niresiklong Tubig

| Laki ng Metro | Kasalukuyang Singil | 1/1/22 | 1/1/23 | 1/1/24 | 1/1/25 |
|---|---|---|---|---|---|
| 5/8", 3/4" | $21.55 | $18.98 | $19.74 | $20.53 | $21.14 |
| 1" | $21.55 | $29.31 | $30.48 | $31.70 | $32.65 |
| 1.5" | $39.05 | $55.13 | $57.34 | $59.63 | $61.42 |
| 2" | $60.06 | $86.11 | $89.55 | $93.14 | $95.93 |
| 3" | $126.52 | $184.22 | $191.59 | $199.25 | $205.23 |
| 4" | $224.50 | $328.80 | $341.95 | $355.63 | $366.30 |
| 6" | $493.94 | $674.77 | $701.76 | $729.83 | $751.73 |
| 8" | $843.86 | $1,449.32 | $1,507.29 | $1,567.58 | $1,614.61 |
| 10" | $1,333.75 | $2,172.23 | $2,259.12 | $2,349.48 | $2,419.97 |
| 12" | $1,753.65 | $2,740.23 | $2,849.84 | $2,963.83 | $3,052.75 |
| 16" | $3,503.24 | $4,031.15 | $4,192.40 | $4,360.09 | $4,490.89 |

### Gastos sa Niresiklong Tubig kada Yunit ng Tubig

| Klase ng Kostumer | Kasalukuyang Singil | 1/1/22 | 1/1/23 | 1/1/24 | 1/1/25 |
|---|---|---|---|---|---|
| Lahat ng Paggamit ($/HCF) | $1.73 | $2.21 | $2.30 | $2.39 | $2.46 |

# PANUKALANG
## Rate sa Pagdaan ng Tubig

Malaki ang inaasa ng San Diego sa in-import na tubig mula sa Northern California at sa Colorado River. Sa kasaysayan ang Lungsod ay bumibili ng tinatayang 85% hanggang 90% ng taunan nitong pangangailangan sa tubig mula sa San Diego County Water Authority (SDCWA), na bumibili ng tubig nito mula sa Metropolitan Water District of Southern California. Sa kasaysayan, dinaragdagan ng SDCWA ang rate nito ng tubig kada taon. Ang mga pagtaas na ito ay batay sa gastos ng SDCWA para sa imprastraktura, pagpapatakbo, pagmementina at ibang gastos na kailangan para kumuha ng tubig sa ngalan ng mga ahensiyang miyembro. Isinasama ng SDCWA ang lahat ng mga gastos nito sa mga singil nito sa tubig na ipinapasa sa mga miyembrong ahensiya, tulad ng Lungsod ng San Diego.

Kapag Hunyo ng bawat taon, inaaprubahan ng lupon ng SDCWA ang pagtaas sa rate ng wholesale na tubig na magpapataas sa gastos sa pagbili ng Lungsod ng tubig na nagsisimula sa susunod na taon sa Ene. 1. Pinapanukala ng Lungsod na ipasa ang gastos para bumili ng tubig mula sa SDCWA sa mga kostumer batay sa mga rate na inaprubahan ng SDCWA sa Hunyo 2021 para sa taon ng kalendaryong 2022. Ang mga rate ng tubig ay tinatayang tumaas ng hanggang 3% bilang pagdaan. Kung ang epekto ng pagtaas ng SDCWA sa mga nagbabayad ng rate sa Lungsod ay mas mataas sa 3%, hindi ipatutupad ng Lungsod ang mga rate ng mas mataas. Magbibigay ang Lungsod ng nakasulat na abiso sa mga kostumer 30 araw bago ang petsa ng bisa ng pagtaas ng rate, na hindi mahigit sa 3% na pagtaas ng lahat ng fixed at commodity na rate ng tubig.

**Paalala:** Sinisingil ng Lungsod ang karamihan sa mga pang-isahang pamilya na residensiyal na customer nito batay sa dalawang buwan. Ang ibig sabihin nito, kasama sa bawat bill na matatanggap ng mga customer na ito ang mga singil para sa dalawang buwan ng serbisyo.

**Batayang Bayat sa Metro, $ kada Bill sa Bawat Buwan**

| Laki ng Metro, pulgada | Kasalukuyan | 3% Dagdag sa pagdaan |
|---|---|---|
| 5/8", 3/4" | $26.30 | $27.09 |
| 1" | $34.83 | $35.87 |
| 1.5" | $54.34 | $55.97 |
| 2" | $78.72 | $81.08 |
| 3" | $136.01 | $140.09 |
| 4" | $217.69 | $224.22 |
| 6" | $420.05 | $432.65 |
| 8" | $663.85 | $683.77 |
| 10" | $949.10 | $977.57 |
| 12" | $1,760.96 | $1,813.79 |
| 16" | $3,061.65 | $3,153.50 |

**Rate ng Commodity, $ bawat HCF**

| Klase ng Kostumer | Kasalukuyan | 3% Dagdag sa pagdaan |
|---|---|---|
| **Isang Pamilya Residensiyal (hcf)** | | |
| Tier 1 | $5.257 | $5.415 |
| Tier 2 | $5.888 | $6.065 |
| Tier 3 | $8.412 | $8.664 |
| Tier 4 | $11.828 | $12.183 |
| Maramihang Pamilyang Residensiyal | $6.362 | $6.553 |
| Komersiyal / Industriyal / Nasa Labas ng Lungsod | $6.208 | $6.394 |
| na Irigasyong | $7.053 | $7.265 |
| Temp na Konstruksiyon | $7.173 | $7.388 |

**Singil sa Pribadong Fireline, $ kada Bill sa Bawat Buwan**

| Laki ng Fireline, pul-gada | Kasalukuyan | 3% Dagdag sa pagdaan |
|---|---|---|
| 1" | $3.91 | $4.03 |
| 1.5" | $3.91 | $4.03 |
| 2" | $6.06 | $6.24 |
| 3" | $23.47 | $24.17 |
| 4" | $30.00 | $30.90 |
| 6" | $44.31 | $45.64 |
| 8" | $62.58 | $64.46 |
| 10" | $80.84 | $83.27 |
| 12" | $96.48 | $99.37 |
| 16" | $156.44 | $161.13 |
| 20" | $194.78 | $200.62 |

Public Utilities

9192 Topaz Way
San Diego, CA 92123

PRESORTED
STANDARD
U.S. POSTAGE
**PAID**
SAN DIEGO, CA
**PERMIT 134**




## ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

PETSA: Set. 21, 2021

ORAS: 2 p.m.

Hanggang sa higit pang abiso, ang mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ay isasagawa alinsunod sa mga probisyon ng PDF icon California Executive Order N-08-21, na sinususpinde ang ilang mga inaatas ng Ralph M. Brown Act at Temporary Rules of Council ayon sa inaprubahan sa Hunyo 9, 2020.

- Ang link para sumali sa Meeting Webinar gamit ang computer, tablet o smart phone ay: **sandiego.zoomgov.com/j/1601405223**
- Para sumali gamit ang iPhone one-tap: US: +16692545252, 1601405223#
- Para sumali gamit ang telepono: Dial 1-669-254-5252. Kapag hiningan, ilagay ang 160 140 5223#

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bumisita sa: **sandiego.gov/city-clerk/officialdocs/council-agendas-minutes-results**.

Ang dokumentong ito ay mahalaga sa lahat ng mga kostumer ng Lungsod ng San Diego at makukuha rin sa ibang wika sa aming website. Mangyaring bumisita sa: ***sandiego.gov/rate-increases.***

## MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA RATE NG TUBIG AT SEWER MO

Ang abisong ito ay nilalaan sa iyo ng Lungsod ng San Diego Public Utilities Department alinsunod sa California Constitution Article XIIID (kilala rin bilang "Proposition 218"). Sa ilalim ng mga tuntunin ng Proposition 218, inaatasan ang Lungsod na abisuhan ang mga may-ari ng pag-aari na nakatala ng mga panukalang pagbabago sa mga bayaring kaugnay ng pag-aari, tulad ng tubig at serbisyong maduming tubig.

Nagsisilbi itong abiso na magsasagawa ang Konseho ng Lungsod ng pampublikong pagdinig, sa oras, petsa at lokasyong nakasaad sa itaas, para isaalang-alang ang nirerekomendang mga pag-aayos sa mga rate at singil ng serbisyong tubig ng Lungsod. Kung inaprubahan, ang mga panukalang pag-aayos ay unang lalabas sa mga singil na nagsisimula sa Enero 2022. Lahat ng mga miyembro ng publika ay iniimbitahang dumalo sa pampublikong pagdinig. Bilang karagdagan, sa ilalim ng batas ng estado ng California, lahat ng mga may-ari ng pag-aari at mga kostumer na nasa talaan ay maaaring magsumite ng nakasulat na protesta sa mga panukalang pagbabago sa rate. Ang na-mail na protesta ay dapat matanggap bago ang Set. 21. Tanging isang protesta sa bawat parcel pinahihintulutan.

Lahat ng mga nakasulat na protesta ay patototohanan. Maaari ka ring lumabas sa pampublikong pagdinig sa petsa at oras na nakatukoy sa itaas. Higit pang impormasyon ay makukuha online sa: **sandiego.gov/rate-increases**.

Ang nakasulat na protesta ay dapat i-mail sa sobre o ihatid sa: **City Clerk, 202 C St., MS 2P, San Diego, CA 92101**.

Tinatanggihan ko ______________________________ ang panukalang pagtaas ng rate.

NumerongParcelngAssessoroAddress: ______________________________

Lagda: ______________________________